

Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

May 25, 1987

DECS O R D E R
No. 53, s. 1987

AUTHORITY TO OFFER BACHELOR OF SCIENCE IN INDUSTRIAL EDUCATION (BSIE)
AND BACHELOR OF SCIENCE IN INDUSTRIAL TECHNOLOGY (BSIT) COURSES
AT THE KABASALAN NATIONAL VOCATIONAL SCHOOL,
KABASALAN, ZAMBOANGA DEL SUR

To: Bureau Directors
Regional Directors
Presidents, State Colleges and Universities

1. On the basis of the recommendation of the Bureau of Higher Education, the Kabasalan National Vocational School is hereby authorized to offer the BS in Industrial Education and BS in Industrial Technology courses effective SY 1978-79.
2. This authority is issued as a special case, provided the school shall maintain satisfactory standards in said courses and provided further, budgetary support shall be appropriated for these courses.
3. In the case of failure on the part of the above-named school to observe and maintain any of the required standards of the Department of Education, Culture and Sports affecting the courses herein approved, and failure to provide appropriation to support the same, the authority hereby granted may be revoked and cancelled.

(SGD.) LOURDES R. QUISUMBING
Secretary

Reference:
None

Allotment: 1-3--(M.O. 1-87)

To be indicated in the Perpetual Index under
the following subjects:

/ Course of Study, COLLEGIATE
/ RULES & REGULATIONS
/ SCHOOLS
/ VOCATIONAL EDUCATION

Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Mayo 27, 1987

KAUTUSANG PANGKAGAWARAN
Blg. 54, s. 1987

PANUNTUNAN NG IMPLEMENTASYON NG PATAKARAN
SA EDUKASYONG BILINGGWAL NG 1987

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor Panrehiyon

Mga Terapemanihala ng mga Paaralan

Mga Pangulo ng mga Pang-estadong Kolehiyo at Unibersidad

Mga Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Unibersidad

1. Bilang pag-alinsunod sa Patakaran sa Edukasyong Bilinggwal ng 1987, ang Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports ay nagpapairal sa pamamagitan nito ng sumusunod na mga panuntunan ng implementasyon:

a. Ang Edukasyong Bilinggwal ay nangangahulugan na magkahiwalay na paggamit ng Filipino at English bilang mga midyum ng pagtuturo ng mga tiyak na asignatura. Dapat masunod ang magkahiwalay na paggamit ng Filipino at English sa pagtuturo.

b. Dapat matamo ang kahusayan sa pagbasa sa mga wikang panrehiyon, sa Filipino at sa English nang yugtu-yugto. Sa mga lugar na hindi katutubon: sinasalita ang Tagalog, masariling ituro nang basalita ang Filipino na gumagamit ng mga paraan, teknik at materyales na kinakailangan sa pagtuturo ng Filipino sa mga di-Tagalog.

Ang unti-unting pagpapasok ng dalawa o tatlong wika ay dapat iplano sa antas panrehiyon, sa pasubali na ang pagtuturong bilinggwal (ang paggamit ng Filipino at English bilang mga midyum ng pagtuturo) ay dapat ipatunad sa lahat ng rehiyon.

k. Ang pagkatuto ng nilalaman (sa alin mang wika) ay hindi dapat isakripisyo dahil sa mga pagiba-iba ng pagpapasok ng mga wikang ito.

d. Upang ang lahat ng mga asignatura ay maituro sa Filipino, ang paglinang ng mga materyales na panturo at sanggunian, gayun din ang pagsasanay ng mga guro sa pagtuturo sa Filipino ay dapat mapaglaanan ng pondo.

Ang direktor panrehiyon, sa pamamagitan ng konsultasyon sa kanyang mga superintendente, mga superbisor, mga prinsipal, mga guro at iba pang mga sektor ng komunidad, ay dapat bumalangkas ng programa ng pagpapasimula ng implementasyon ng rebisadong patakarang bilinggwal sa lahat ng antas simula sa taong pampaaralan 1987-1988.

e. Sa mga lugar na di-Tagalog, ang direktor Panrehiyon ay bubuo ng mga programa ng kompensasyon upang mapagbantay ang kahusayan sa Filipino ng mga Tagalog at di-Tagalog sa pamamagitan ng paglinang ng ankop na mga materyales, pagsasanay ng mga espesyal na guro, paglalaan ng mga daedag na klase, at pagkakaalob ng mga insentibo para sa mga guro sa Filipino. Para sa mga lugar na Tagalog, dapat ding magbalangkas ng pagsama sa pagpapaligid ng kahusayan

- g. Ang mga antas ng kahusayan na itinakda ng tunguhin para sa Filipino at English ay dapat itakda ng Kagawaran ayon sa mga antas at pangangailangan ng populasyon at dapat marebisa sa pana-panahon (halimbawa, tuwing anim na taon).

Ang paglilipat ng kasanayang pangkaalaman at linggwistiko mula sa isang wika tungo sa ibang wika ay dapat isagawa at ilahad sa mga silabus ng paaralan.

- h. Sa pagsukat ng kahusayan natamo sa buong bansa, dapat isaalang-alang ang mga markakaiba-ibang panrehiyon dahil sa mga bariedad ng Filipino at mga barasyon sa pagpapasok ng mga wika. Dapat isagawa ang panrehiyong ebalwasyon upang masukat ang pagtatamo sa mga istandard na itinakda para sa may mataas na uri ng edukasyon.

- i. Ang minimum na mga istandard ng mga kasanayang pangwika (sa Filipino at English) ay kinakailangan para sa promosyon ng mga estudyante.

1. Dapat iugnay ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports ang sumusunod na mga gawain para sa implementasyon ng rebisadong patakaran pangwika sa pamamagitan ng mga kinauukulang ahensiya nito:

- 1) rebisyon ng pre-linkurang mga kurso ng pagsasanay ng mga guro na naglalarawan ng Patakaran sa Edukasyong Bilinggwal.
- 2) pagbalangkas ng programa ng pagsasanay ng mga guro upang magamit ang Filipino bilang midyum ng pagtuturo ng mga asignaturang pangnilalaman.
- 3) sertipikasyon ng mga guro sa kahusayan sa wika at nilalaman kasama na ang mga gurong maaon nang nagtuturo nang mataagumpay sa Filipino.
- 4) pagtanggap sa pagsasanay ng mga masining guro sa kinabukasan na kahusayan sa wika.
- 5) pagbuo ng mga instrumento sa ebalwasyon para sa mga guro at mga mag-aaral para sa pagsukat ng kahusayan sa wika at nilalaman na gumagamit ng iba't ibang kasanayan.

- m. Hihirang ang Kagawaran ng Komite sa Edukasyong Bilinggwal na bubuain ng mga sumusunod:

Mga Direktor ng Kawanihan (Elementarya, Sekundarya at Tersyarya)
Tagapangulo ng Komisyon ng Wikang Pambansa (Instituto ng mga Wika sa Pilipinas)
Mga kinatawan mula sa sektor ng Edukasyong Pangwika at Samahang Pangwika
Ang Tagapangulo ng Komite ay hihirangin ng Kalihim.

Ang mga kinatawan ay magsisilbi sa loob ng tatlong taon, na mairing muling hirangin ayon sa ipapasiya ng Kalihim.

Ang Sekretaryat ay dapat nasa opisina ng pinaglilingkuran ng tagapangulo nito.

Ang unang gawain ng Komiteng ito ay diseminasyon ng impormasyon sa Patakaran sa Edukasyong Bilingwal sa iba pang mga Kagawaran ng Republika at sa mga ahensiyang pampamahalaan at di pampamahalaan at sa madla sa kalahatan.

Maghaharap ang Komite ng tamang report ng mga gawain at napatunayan nito sa kalihim.

Magtatipon ito ng saligang datos tungkol sa mga natamang kahusayan sa dalawang wika para sa mga hakbang na isasagawa sa hinaharan.

Sa tulong ng mga ahensiya sa mga pananaliksik, mag-sasagawa o magpapatupad ito ng mga pag-aaral na ebalwasyon ng implementasyon ng patakaran at magrumungkahi ng mga rebisyon ng patakaran. Mag-sasagawa ito ng lagulang ebalwasyon pagkaraan ng sampung taon ng implementasyon (1987-1997).

2. Pinawawalang-bisa ng Kautusang ito ang mga naunang Kautusan sa Panuntunan ng Implementasyon ng Patakaran sa Edukasyong Bilingwal maliban doon sa mga hindi nasasalungat sa Kautusang ito.

3. Magkakabisa ang Kautusang ito simula sa taong pagsasailalim 1987-1988.

(LGD) LOURDES R. QUISUMBING
Kalihim

Sanggunian:

Department Orders: Nos. 25, s. 1974
and 50, s. 1975

DECS Order: No. 52, s. 1987

Pamumod: 1-2-3-4-(M.O. 1-87)

Ilalagay sa Palatuntunan Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na seksa.

CHANGE

COMMITTEE

COMMUNICATION ARTS

Course of Study, COLLEGIATE

" " , ELEMENTARY

" " , SECONDARY